

# Mga Talinghaga ng Saranggola sa Panahon ng Pandemya

Mark Anthony S. Angeles  
Unibersidad ng Santo Tomas

## ABSTRAK

Ang pagsasaranggola ay hindi lámang isang uri ng libangan ng mga Pilipino. Mayroon itong implikasyong ideolohikal. Gaya ng sinabi ni Virgilio Enriquez, ang katutubong laruang saranggola ay nagpapakita ng kakayahang lumikha at gumastos para sa sari-saring materyales, kaya matining ang paghihiwalay ng mayaman at mahirap sa lipunang Pilipino. Sa papel na ito, uugatin ang mga leksikal at semantikong kahulugan ng *saranggola* bilang salita. Patutunayang isa itong talinghaga, mula't simula. Babalikan ng papel ang mga bersiyon ng anekdota tungkol sa pagtulong ni Jose Rizal sa kapuwa niya batàng sumabit ang pinalilipad na saranggola sa kampanaryo o kornisa ng katedral. Apokripo man o hindi, iuugnay ito, kasáma ng mga tulang "Saranggola" at "Angkan ng Saranggola" ni Teo Antonio, sa kantang "Saranggola ni Pepe" na nilikha ni Nonoy Gallardo at inawit ni Celeste Legaspi. Ang interseksiyong ito, kasáma na ang reinterpretasyon sa pagsusuri nina B. Sison at Eleanor T. Elequin sa kanta, ay ilalapít sa mga talinghagang binuo ng mga mananaranggola, netizen, at mga makata, sa panahon ng pandemyang dala ng COVID-19.

**Mga Susing Salita:** *saranggola, guryon, talinghaga, COVID-19, pandemya*

## INTRODUKSIYON

Naging isang pambansang banta ang coronavirus disease 2019 (COVID-19) na dalá ng severe acute respiratory syndrome coronavirus 2 (SARS-CoV-2), lalo na nang maiulat ang kauna-unahang kaso nito sa Pilipinas—isang nagpositibong 38 taóng gulang na babaeng Tsinong na-admit sa San Lazaro Hospital, Metro Manila—noong 30 Enero 2020. Sinundan pa ito ng kauna-unahang pagkamatay ng isang nagpositibo sa COVID-19—isang 44 taóng gulang na lalaking Tsino—sa labas ng Tsina, noong 1 Pebrero 2020.

Isa nang pandemya ang COVID-19, mula nang ideklara ito ng World Health Organization noong 11 Marso 2020. At nang ideklara ni Pangulong Rodrigo Duterte, noong 12 Marso 2020, ang partial lockdown sa Metro Manila mula 15 Marso hanggang 14 Abril 2020, lalo pa nang tuluyan niyang ideklara, makaraan ang apat na araw, ang enhanced community quarantine (ECQ) sa buong Luzon at iba pang kalapit na isla, maagang isinara ang mga paaralan, gayundin ang mga trabaho at iba pang erya. Nahinto ang búhay ng libo-libong Pilipino. Hindi na nakapagmartsa ang mga nagtapos na estudyante. Pagdating ng tag-araw, pati ang pagpapalipad ng saranggola ay hindi na pinahintulutan.

Ang pagbabawal sa pagsasaranggola, ang pamilyaridad at kamingaw na dala ng tradisyong ito sa maraming karaniwang Pilipino tuwing bakasyon, at ang masamang epekto nito sa kalunsuran ay lumikha ng sari-saring talinghaga ng *saranggola* sa panahon ng pandemya

## LAYUNIN AT METODO NG SALIKSIK

Layunin ng pag-aaral na ito na alamin kung may mga bagong talinghaga ng saranggola na nalikha sa panahon ng pandemyang dala ng COVID-19.

Ang talinghaga ay katumbas ng salitang Español na *metáfora*, ayon sa edisyong 1754 ng *Vocabulario de la lengua tagala* nina Padre Juan de Noceda at Padre Pedro de Sanlúcar (320). Sa edisyong 1832, sa kahulugan ng tanaga, *Metaphoras* ang pagkakabaybay nito (557).

Ang *metafora* at *metaphor* sa Ingles ay nagmula sa mga wikang Europeo. Ang Gitnang Ingles na salitang *methaphor* ay nagmula naman sa Gitnang Pranses na *metaphore* o Latin na *metaphora*. Ang etymon ng mga ito ay ang pandiwang Griyego

na μεταφέρειν o *metapherein*, isang portmanteau ng preposisyong *meta* (“pagkaraan”) at pandiwang *pherein* (“pagdadala”).

Ang *metapherein* ay “paghahatid” o “paglilipat mula sa isang lugar papunta sa kabila.” Sa kaniyang *The Practice of Everyday Life*, ipinaliwanag ng Pranses na cultural theorist na si Michel de Certeau na:

In modern Athens, the vehicles of mass transportation are called metaphorai. To go to work or come home, one takes a “metaphor”—a bus or a train (115).

Tinutukoy ng *metapherein* ang kilos ng pagdadala ng isang bagay mula sa isang lugar patungo sa isa pa, lalo na sa pakahulugang kailangan ng isang táong mapagtagumpayan ang isang agwat, halimbawa, kailangan niyang tumawid sa isang tulay na nasa isang ilog (De Bleekere at Gerards 52).

Bukod sa unang layuning nabanggit, titipunin din ang mga talinghaga ng saranggola bago naganap ang pandemya. Ugatin din ang pagsulpot ng saranggola sa ating kapuluan. Gagawin ang mga ito para maging malinaw kung ano ang konteksto ng saranggola sa nagpapatuloy na kasaysayan ng ating bayan.

Bilang balangkas teoretikal, ilalapat ang discourse analysis, isang uri ng pagsusuri sa lingguwistika. Pinag-aaralan nito ang mga katangiang lingguwistiko ng wika. Sinisiyasat nito ang mga semantikong kaugnayang nagtatakda sa pagbubuo ng mga salita. Paglilinaw pa ni John Lyons, pag-aaral ng kahulugan ang semantika, habang ang lingguwistikong semantika ay maaaring tumukoy sa pag-aaral ng kahulugan ng mga pahiwatig kaugnay ng wika, o sa pag-aaral ng kahulugan sa loob ng lingguwistika (*Linguistic Semantics: An Introduction* 11).

Online ethnography ang paraan ng pagkalap ng mga impormasyon. Paliwanag ni Mariza Georgalou, tinatawag din itong “digital ethnography, internet ethnography, netnography (Kozinets 2002), cyberethnography (Dominguez et al. 2007), and webnography (Puri 2007).” Kasama rito ang virtual ethnography na, ayon kay Christine Hine, “transfers the ethnographic tradition of the researcher as an embodied research instrument to the social spaces of the Internet.” Hahanguin ang mga datos sa mga diksyonaryo at dyornal sa internet, gayundin sa mga social media platform at blog. Nagsagawa rin ng online na panayam sa mga mananaranggola, bilang primaryang sanggunian ng mga bagong talinghaga ng saranggola.

## SARANGGOLA BÍLANG TALINGHAGA

Isang katutubong laruan ang saranggola, ayon kay Virgilio G. Enriquez (“Ang Pagsasakatutubo ng Teolohiyang Pilipino” 58). Kagaya ng trumpo at mga laruang yari sa lata ng sardinas, may implikasyon itong kaugnay ng kakayahang lumikha at gumastos, ng paghihiwalay ng mayaman at mahirap sa lipunang Pilipino.

Ayon kay Padre Diego Aduarte, ang pagpapalipad ng saranggola ay ipinakilala sa atin ng mga Tsino. Magaan ang saranggola, paglalarawan niya, at may sari-saring palawit na umuugoy-ugoy at lumilikha ng tunog. Ngunit bahagi na ito ng ating mga epikong-bayan. Halimbawa, sa Kudaman ng Palawan, binanggit ang isang papel na pandikit na ginagamit “sa paggawa ng saranggola (*täguriq*), sa pamamagitan ng malagkit na bunga ng punong *amrang*, o kaya’y ng lugaw (*amäy linugäw*) o dili kaya’y ng pagkit ng kasaba o gatas ng punong *binuwaq*” (296).

Kapansin-pansing dalawang diksiyonaryo lámang ang may talâ sa salitang “saranggola”:

### 1. *Diksiyonaryo para sa Wikang Filipino*

<http://diksiyonaryo.ph/>

#### **sa-rang-gó-la**

png

: pinalilipad na laruang karaniwang gawâ sa maninipis na patpat ng kawayang balangkas at sinapnan ng papel o manipis na tela: ÁLLAW, BÁNOG-BÁNOG1, ÍLLAW, KITE1, SIKÁP1, TABÁNOG Cf GURYÓN2

### 2. *UP Diksiyonaryong Filipino*

Virgilio S. Almario, punong patnugot

UP Sentro ng Wikang Filipino, Diliman at Anvil Publishing

Unang Edisyon, 2001, p. 784

**sa-rang-gó-la** png: pinalilipad na laruang karaniwang gawa sa maninipis na patpat ng kawayang balangkas at sinapnan ng papel o manipis na tela Cf guryon : TABÁNOG.

Sa *Talatinang Pilipino-Pilipino* nina Bartolome at Melania Jimenez Valle, higit pang pinansin ang guryon na isang “saranggolang malaki” (1969).

Sa *The Tagalog-Spanish Grammar of Fr. Rafael de Diego, O.P.*, itinumbas ang saranggola at siringgola sa *cometa* (234). Ngunit sa *Vocabulario de la Lengua Tagala* nina Padre Juan de Noceda at Pedro de Sanlucar, edisyong 1754, at ni Padre Domingo de los Santos, ang *cometa* ay katumbas ng bulalakaw at [bituing may] sombol.

Ang mga tumbasang nabanggit ay nagpapakita na ng semantikong elaborasyon ng saranggola. Ihinahambing ito sa bulalakaw o bituing may buntot. Gayon din ang talab sa iba pang uri ng saranggola. Halimbawa, ang bolador, bulador, burador (Bikol), at burarul (Kapampangan) ay gáling sa *volador*, salitang Español para sa paglipad at isdanlawin. Sa *Vocabulario de la Lengua Pampanga* (1860) ni Padre Diego Bergaño, nabanggit ang *voladores*—sa talâ tungkol sa limbay o paglipad nang nakabuka ang mga pakpak at hindi ikinakampay. Ang salitang “palambayan” sa nasabing aklat ay nangangahulugang “pagpapahaba ng pisi, gaya ng ginagawa ng mga totoy sa kanilang mga saranggola, nang lalo pang pumailanlang ang mga ito” (130) (Sa akin ang salin).

Laging tumutukoy sa paglipad at mga ibon ang iba pang katumbas ng saranggola. Halimbawa, ang guryon ay mula sa *gorrión*, salitang Español para sa ibong maya. Ang papagayo naman ay isang uri ng lorong mahaba at makulay ang balahibo. Ang banog banog at tabanog (Sebuano) ay galing sa banog o lawin. Sa *Vocabulario* nina Noceda at Sanlucar, ang lauilaun ay isang uri ng *volador* (298). Habang ang sikap (Timog Katagalugan) ay isa pang uri ng ibong mandaragit.

Ang talabang ibon-saranggola ay kaugnay rin ng talinghagang *alapaap ang kalooban* na nangangahulugang “nag-aalinlangan o nag-aagam-agam ang kalooban.” Paglalawig pa, “Walang katiyakan ang tunguhin ng anumang bagay na lumilipad sa alapaap, tulad ng ibon na hindi alam kung saan mapatutungo; saranggola na maaaring masira o masabit o wasakin ng malakas na hangin” (*Matalinghagang mga Pananalita* 8-9).

Talinghaga maging ang etymon ng salitang “saranggola.” Ang salitang Bahasa na *layang* ay “paglipad nang hindi ikinakampay ang mga pakpak, pag-alimpapayaw” (*A Grammar and Dictionary of the Malay Language* 88) (Sa akin ang salin). Sa wikang Bahasa, *layang-layang* ang tawag sa saranggola. Ito rin ang tawag sa ibong balinsasayaw. Para sa mga Palawano Tagbanwa, Sebuano, at Tagalog, ang *layang-layang* o balinsasayaw ay tinatawag ding sarang. Samantala, sa wikang Sanskrit, ang *guḷā* ay isa pang uri ng ibon.

## MGA TALINGHAGA NG SARANGGOLA, BC (BAGO MAGKA-COVID-19)

Sa *Rizal in Saga: A Life for Student Fans*, isináma ni Nick Joaquin ang isang anekdota tungkol sa batàng Jose Rizal. Nagpapalipad ng saranggola si Pepe, kasáma ng iba pa niyang mga kalaro, malápit sa simbahan. Sumabit sa kampanaryo ang saranggola ng isa sa mga batà. Para tumahan siya sa pag-iyak, inakyat ni Rizal ang tarik ng kampanaryo at pinalaya ang saranggola (45). Sa bersiyon ni José Batungbacal, nagsasaranggola ang iláng batà sa bubungan, habang nakaupo sa tapat ng bintana si Rizal at nagbábasá ng libro ng mga pabula ni Tomás de Iriarte (12). Inilugar naman ni Sixto Y. Orosa ang anekdota sa taóng 1872, kung kailan isang estudyante sa kolehiyo si Rizal at nanunuluyan sa bahay ni Don Manuel Xeres Burgos (35). Sa isang kahawig na kuwento, nagbábasá lámang din ang trese anyos na Rizal, na noon ay nag-aaral sa Ateneo Municipal de Manila, at isang Julio Milliza na túbong Iloilo ang may-ari ng saranggolang sumabit sa kornisa ng katedral ng Maynila (64-65).

Kung apokripo ang mga anekdotang nabanggit, ang interseksiyon ng mga ito—ang pagtulong ni Rizal sa kapuwa at ang pagpapalaya sa saranggola mula sa pagkakasabit sa tuktok ng simbahan—ay maituturing na isang talinghaga ng kabayanihan ni Rizal, kahit sa murang edad, at ng nasa niyang paglaya ng bayan mula sa mga Español.

Ibinahagi naman ni Jose A. Fadul ang anekdota ng isang Isidro Yacat, tubong Gapan, Nueva Ecija at lumipat sa Morong, Rizal, at isang manggagawa at manininda ng saranggola. Ayon sa anekdota, noong panahon ng pananakop ng mga Hapones, pinagbawalan ng mga Kempeitai si Yacat na magpalipad ng saranggola. Nang matalo ang mga Hapones noong 1945, nakapagpalipad na siya ng saranggola, kasáma ng kaniyang mga kaibigan. Gumawa siya ng mga saranggolang may mga disenyo ng bandila ng Pilipinas at Amerika. Naibenta niya ang mga ito. Gayunman, kinumpiska ang mga ito ng mga miyembro ng Philippine Constabulary dahil bawal diumano na ilagay sa laruan, gaya ng saranggola, ang bandila ng isang bansa (*Kites in History, in Teaching and in Therapy* 7-8).

Madalas ding gamiting talinghaga ang saranggola sa mga akdang pampanitikan at iba pang likhang-sining.

Sa kantang “Saranggola sa Ulan” ni Gary Granada, naniniwala ang persona na walang imposible, maging ang pagsasaranggola sa ulan (de Quiros).

Sa kuwentong “Kasal” ni Eli Rueda Guieb, ginamit niya “ang talinghaga ng saranggola: ibigin man ng mga tauhan o hindi, napapabuyo siláng makipagdagitan sa usapin ng pagmamahalang hanggang-dito-na-lámang at magpakailan-pa-man” (*Relasyon: Mga Kuwento ng Paglusong at Pag-ahon* xvi).

Sa tulang “Saranggola” ni Teo Antonio, “[h]indi naging mapalad na maging ibon / [a]ng saranggola.” Kahit “[n]agiging malaya siya, kung napagot / [a]ng nakagapos na pisi[,] may nakaambang / [s]isibat at wawasak sa papel na kalakhan.” Para kay Antonio, “saranggola ang kabuhayan” ng ating bayan, “[m]ay gapos na lubid na hawak ng dayuhan. / Kahit malagot at lumaya, may nakahandang / [s]asakmal na bagong manlulupig at mandirigma” (*Taga sa Bato: Mga Piling Tula (1973-1988)* 17-18). Muli itong ipaaalala ni Antonio sa kaniyang tulang “Angkan ng Saranggola.” Aniya, “[k]ahit sa angkan ng saranggola, / may nandaragit at dinadagit tuwina” (*Pagsunog ng Dayami* 80).

Ang mga talinghaga sa mga anekdota tungkol sa batang Rizal at sa mga tula ni Teo Antonio ay muli nating matatagpuan sa kantang “Saranggola ni Pepe” na nilikha ni Nonoy Gallardo at inawit ni Celeste Legaspi.

Pansinin ang interpretasyon ng isang B. Sison ng *Philippine Collegian*, sa sanaysay ni Eleanor T. Elequin na lumabas sa *Philippine World-view* (“An Appreciation of the Filipino Philosophical Outlook through Filipino Popular Lyrics” 95-99), tungkol sa mga linya ng kanta:

Matayog ang lipad ng saranggola ni Pepe  
Matayog ang pangarap ng matandang bingi  
Umihip ng hangin, nawala sa paningin  
Sigaw ng kahapon, nilamon ng alon

Ayon kay Elequin, simbolo si Pepe ng mga Pilipino na may malalim na aspirasyon sa Inang Bayan. Ngunit nagbago ang lahat nang sakupin tayo ng mga banyaga. Naglaho ang ating katutubong kultura dahil sa dominasyon ng banyagang kultura.

Malabo ang tunog ng kampanya ni Padre  
Maingay ang tagiting, rosaryo ng babae

Sinasagisag ng mga linyang ito ang mga unang dayuhang sumakop sa ating bayan. Si Padre (ang Kristiyanismo at/ng mga Español) at ang taginting ng kampanilya at rosaryo ang nagdala ng pananamantala.

Hinuli ang ibon, pinagsuot ng pantalon  
Tinali ng pisi, hindi na nagsinturon  
Dumaan ang jeepney at gumuhit pa  
Sa kalye. Mauling ang iniwan,  
Hindi na tinabi

Ipinasa táyo ng mga Español sa kamay ng mga Amerikano. Ginawa diumano táyong sibilisado (inilarawan ng pagpapasuot ng pantalon) ng mga Amerikano. Ngunit sa halip na sinturon, tali ang ginamit. Para kina Sison at Elequin, nangangahulugan itong niloko ang mga Pilipino. Sagisag din ng kontrol ng mga Amerikano ang jeepney dahil inangkat sa Estados Unidos ang spare parts nito noong una.

Pinilit umawit, ang naglaro’y isang ingit  
Lumuha ang langit, ang mundo’y manliit  
Kumakaway sa bakod ang anghel na nakatanod  
Sumusuway sa utos, puso’y sinusunod

May mga tangkang pagkaisahin ang mga Pilipino at labanan ang neokolonyalismo. Kahit may mga kolaborador at amuyong ang kaaway, hindi sila sumuko. Sa halip, binali nila ang mga utos ng awtoridad para makuha ang kalayaan.

May isa pang interpretasyon at dimensyon ang awit na ito na hindi naipaliwanag nina Sison at Elequin. Pansinin halimbawa na ang isa sa mga orihinal na linya ay “Tinali ng pisi, hindi na nagsinturon.” Lumabas ang kanta noong 1978. Ang “tinali ng pisi” ay maaaring laro sa “itinali ng PC” (o hinuli at tinortyur ng Philippine Constabulary) sa ilalim ng Batas Militar. Kung gayon, ang huling taludtod—sabihin pang ang buong kanta—ay tungkol sa pagpapabagsak sa diktadura ni dating Pangulong Ferdinand Marcos.

Nagpatuloy ang politikal na diwa ng talinghaga ng saranggola matapos ang Batas Militar. *Saranggola* ang itinawag ng National Union of Journalists of the Philippines (NUJP) sa kanilang taunang palihan na tumitipon sa mga balo at naulila ng mga pinaslang na mamamahayag sa buong bansa.



## MGA TALINGHAGA NG SARANGGOLA SA PANAHOON NG COVID-19

### ***Sa Komunidad ng mga Mananaranggola***

Positibo pa rin ang dating ng lockdown sa mga mananaranggola, batay sa aming mga nakapanayam. Anang kite vlogger na si Jayvee Cayabyab, kahit hindi na ganoon karami ang mga táong marunong gumawa at nagpapalipad ng saranggola, marami pa rin ang nagpagawa at bumili sa kaniya. Sa halip na dibdibin ni Aries Pangilinan ang mga problema, inaliw siya ng kaniyang libangan at negosyong pagbebenta ng mga saranggola at iba't ibang uri ng bubog para sa pisi.

Mas lumawak naman ang kaalaman ni Jhong Dc, miyembro ng grupong Malabon Kite Masters, ngayong lockdown. Mas marami siyang estratehiyang natutuhan. Para sa kaniya, ang pagsasaranggola ay naglalapit sa kanilang mga manlalaro sa kalikásan, mula sa hangin, hanggang sa iba't ibang lugar na napupuntahan nila.

Lumawak din ang bokabularyo ng mga mananaranggola. Ang *balatengga* ay pang-aagaw ng saranggolang mababa ang lipad sa pagdagit sa písi nito gamit ang batong may písi. Habang ang *alagwa* na dating tumutukoy sa pagkaputol ng písi ng saranggola, kaya mawawalan ng kontrol dito, ay ikinakabit na ngayon sa paglayà o pag-imbulog. Maaaring ang gusto talagang sabihin ay *aligwa* o “pag-unlad.” Sa kasalukuyang henerasyon ng mga mananaranggola, ang *soga* o *massoga* ay nangangahulugang “steady lumipad,” habang ang *gola* ay “matayog na lipad.”

### ***Sa Social Media***

Kasabay ng tag-init o panahon ng pagsasaranggola, lumitaw rin ang mga bágong talinghaga ng saranggola sa social media.

Ang idyomang *plastik*, na nangangahulugang pagkukunwari o pagbabalatkayo (*Talinghagang Bukambibig xxxviii*), ay naging *saranggolang plastik sa TikTok*.

Laman din ng mga hugot/pick-up line ang saranggola. Halimbawa nito ang “Para akong saranggola. Malayo man ako sa iyo, hawak mo na ang puso ko. Kaya kung mawala man ako sa iyo, tandaan mo, ikaw ang bumitaw at hindi ako.” Sa *Facebook* page na *Beyond Networking*, ipinaskil noong 16 Nobyembre 2020 ang “Kailangang kontrahin ng malakas na hangin ang saranggola upang lumipad ito pataas. ganito din ang success, kailangan mo ang negativity at pagkontra ng ibang tao upang umangat ka at mag-succeed.” Sa paskil naman ni Cheryl Opiz noong 23 Oktubre 2020, “Dapat para kang Saranggola. Arya lang nang arya, Hataw lang nang hataw! Para habang hinihila ka nila pababa, lalo kang tumataas!”

Naging paksa rin ng mga tula ang saranggola. Sa *Facebook* group na Tugon: Filipino Artists and Creatives on Lockdown, ipinaskil ni Marvin Lobos noong 4 Abril 2020 ang kaniyang tulang “Saranggola.” Kausap ng persona ang “patpat kang dumipa,” na “hugis-diyamante nga’y / hindi kasinghalaga, / kaya’t may gapos ka-- / sa leeg, dibdib, / kamay, at paa / at sa pisi nakatanikala,” at “tuod kang tinatangay / ng hangin, / sumusunod lámang / kung saanman / hilahin.” Paghahambing pa ng tula, “tanikala ang pisi / ng inituring mong / panginooon,” at kapag “sumabit ka / kahit sa unang / pagkakataon, / puputulin lámang / ng iyong panginooon / ang pisi / at gagawang muli / ng bagong guryon.” Sa tulang “Saranggola” ni M Cristina Guevarra, na ipinaskil niya sa *Facebook* noong 4 Mayo 2020, ang pangungumusta ay gaya ng pagpapalipad ng saranggola: “mahigpit ang kapit / sa napakanipis na sinulid / ng ugnayan natin.” Samantala, sa tulang “Panahon ng Amihan” ni Allan Popa, na ipinaskil ni Paulo D. Rico sa *Facebook* noong 9 Setyembre 2020, “Ang kahit na anong lumulutang / sa alapaap ay saranggola / sa aming isip.”

May mga tula ding idinokumento ang mga karanasan at hiraya sa panahon ng pandemya. Dalawa sa mga ito ang ipinaskil sa SALANG: Pinoy Poets Palihan, isang *Facebook* group na nilikha namin bago mag-15 Mayo 2020, isang linggo bago inaasahang i-lift ang lockdown sa Metro Manila at mga probinsiya sa bansa. Binuo namin ang Salang “para isalang ang mga tula sa digital palihan. Layunin nitong matamo ang pagkakaisa sa anyo at nilalaman ng mga tulang ipapaskil sa anumang platform, isasali sa mga writers workshop, at iba pa.”

Isa ang “Why Kites Fall” sa tatlong tulang may saranggola na ipinasalang ni Jhio Jan Navarro sa grupo. Sa tulang ito, na ipinaskil niya noong 20 Mayo 2020, isinalaysay niyang “[k]ites fall in this time of quarantine, / [p]artly because, like birds to a cage, they know / [t]hat the ceiling is no sky.” Ang tula naman niyang “April’s Breath,” na ipinaskil noong 13 Mayo 2020, ay paggunita ng persona sa kaniyang lola na namayapa noong nakaraang Disyembre.

“Nasaan ang ayuda?” tanong ng persona, habang mahigpit ang kapit sa tali ng pinalilipad na saranggola, sa tulang “Saranggola ni Lola” na ipinasalang ni Arthur David noong 11 Mayo 2020. Isang concrete poem naman ang “Saranggola” ni Liyan Quiñones. Kasáma ang tulang ito sa *QUARANZINE*, isang koleksiyon ng maiikling akda ng mga kasapi ng Kataga-Manila. Ang antolohiyang ito, na ini-upload sa Internet noong Mayo 2020, ay tungkol sa kasalukuyang pandemya at iba pang krisis sa bansa. Ang huling mga linya sa tula ni Quiñones ay “Ang taas! Lagpas sa yero ng bahay

namin. Pero nababása ko pa yung mga sinulat na design ni Tatay: G U 2 M N A K M I. Sana mabása rin ng iba.”

Sa anyo at nilalaman ng mga tula nina David at Quiñones, naging talinghaga ang iláng pangyayaring nag-viral sa social media noong Abril 2020, kung kailan may mga táong nagpalipad ng mga saranggolang may mga mensaheng “STAY AT HOME,” “HEAL OUR LAND,” at “HELP US! RELIEF!” sa magkakaibang lugar.

Bahagi ng tula naming “Isang Dagli, Dalawang Tanaga, Tatlong Diona” na lumabas sa *Kasingkasing Nonrequired Reading in the time of COVID-19: Alternative Digital Poetry Magazine* noong Abril ang sumusunod:

May nagsasaranggola  
Sa gitna ng kalsada  
Kagabi, pila-pila,  
Gapos ang isa’t isa.  
(4/19/2020)

Ang tanagang ito na isinulat namin noong 19 Abril 2020 ay paglilipat sa talinghaga, bilang reaksiyon sa tortyur na ginawa sa mga nahuli sa curfew sa aming lugar—sa Bagong Barrio, Lungsod ng Kalookan. Pinagmartsa ang mga nahuli mula sa police station hanggang sa Caloocan Judicial Complex sa 10th Avenue, halos apat na kilometro ang layo, habang nakatali sa isa’t isa. Ang kagawad, na siyáng nagbidyo sa pangyayari at ini-upload sa kaniyang Facebook account, ang siya mismong nagsabi na “mukhang magsasaranggola sila gamit ang lubid.”

Bukod sa insidenteng nabanggit, ginamit din ng taumbayan ang talinghaga ng saranggola para libakin ang pabago-bagong polisiya ng COVID-19 Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF), Joint Task Force COVID Shield (JTF COVID Shield), at Department of Interior and Local Government (DILG) na pag-oobliga sa mga motorcycle rider na maglagay ng barrier o shield sa kanilang sasakyan. Kani-kaniyang diskarte ang mga motorista. Isa sa kanila ay gumawa ng 5 x 10 talampakang barrier gamit ang asul na PVC pipe at plastic cover. Puna ng mga *Facebook* group na Riders POV Point-of-View at Gobang, hindi na ito barrier, kundi saranggola.

Naitalâ din namin, sa isang listahan ng mga human rights violation sa pagparusa sa mga lumabag sa curfew, ang utos na kunwa-kunwariang pagpapalipad ng saranggola, kahit walang saranggola at tali.

## KONGKLUSYON

Ang panahon ng tag-init ay panahon ng pagsasaranggola. Sa panahon ng lockdown, ni walang maayos na polisiya sa pagbabawal sa mga nagpapalipad ng saranggola. Noong 14 Hulyo 2020, iniulat ng National Grid Corporation of the Philippines na nakapagtala sila ng 87 insidente ng pagsabit ng saranggola sa linya ng kuryente. Maraming transformer at linya ng kuryente ang na-overload dahil sa mga sumabit na saranggola. Ito rin ang dahilan kung kaya't may lugar na nawalan ng tubig, dahil de-kuryente ang pumping station ng kanilang water district.

Gayunman, patuloy pa rin ang pagpapalipad ng saranggola ng karaniwang Pilipino. Gaya nga ng sinabi ni Enriquez, ang pagsasaranggola ay may implikasyong ideolohikal. Bukod sa itinatagda ng kapangyarihang gumastos ang materyales ng mga saranggola, isang akto ng pagpiglas sa pambabartolina ng quarantine ang pagpapalipad ng saranggola. Ang kabataang mula sa gitnang uri hanggang maralita, na makipot ang langit dahil sa tinitirhang lugar sa mga eski-eskinita at iba pa, ay naglilipat ng kanilang nasang lumaya sa saranggolang lalaya sa pagkakatali sa siklo ng kahirapan, sa pananamantala, at sa katiwalian ng mga kapitalista at nasa gobyerno. Mababasa rin sa social media, hindi lámang ang mga insidente ng pagsasaranggola, kundi maging ang pag-(a)lagwa nito sa mga likhang-sining at iba pang patok sa social media. Nilalahukan ng talinghanga ng saranggola ang mga manipestasyon ng pagpiglas sa lalo pang tumitinding krisis na pampolitika at pang-ekonomiya sa bansa sa gitna ng pandemya.

## TALASANGGUNIAN

Almario, Virgilio, editor. *UP Diksiyonaryong Filipino*. UP Sentro ng Wikang Filipino at Anvil Publishing, Inc., 2001, p. 784.

ABS-CBN News. "Ayon sa NGCP, nakapagtala sila." *Facebook*, 14 Hul. 2020, [www.facebook.com/abscbnNEWS/posts/10158583395545168](https://www.facebook.com/abscbnNEWS/posts/10158583395545168). In-access noong 13 Set. 2020.

Aduarte, Fr. Diego. *Historia de la Provincia del Santa Rosario de la Orden de Predicadores in Filipinas, Japon y China, En el Colegio de Santo Tomas*, Conlicencia, Manila, 1640.

Angeles, Mark. *Digitanagà: Paghahanap at Pagbubuo sa Bayan sa 100 Tanagà, Batay sa 100 Idyoma/ng Filipino sa Facebook (2015-2019)*. 2020. Unibersidad ng Pilipinas Diliman, MA Thesis. Hindi pa nalalathala.

———. "GINAWA KO ITO PARA I-MONITOR." *Facebook*, 21 Abr. 2020, [www.facebook.com/makoydakuykoy/posts/10222178144621695](https://www.facebook.com/makoydakuykoy/posts/10222178144621695). In-access noong 13 Set. 2020.

- Antonio, Teo. *Pagsunog ng Dayami*. University of the Philippines Press, 2003.
- . *Taga sa Bato: Mga Piling Tula (1973-1988)*. Ateneo University Press, 1991.
- Batungbacal, José. *José Rizal, Patriot and Martyr*. University Book Supply, 1958.
- Bergaño, Diego. *Vocabulario de la Lengua Pampanga*. Ramirez y Giraudier, 1860.
- Beyond Networking. “Kailangang kontrahin ng malakas na.” *Facebook*, 16 Nob. 2020. [www.facebook.com/permalink.php?story\\_fbid=203796341130907&id=109748200535722](https://www.facebook.com/permalink.php?story_fbid=203796341130907&id=109748200535722). In-access noong 21 Nob. 2020.
- Bosano, Raphael, Jacque Manabat, at Bianca Dava. “PH naitala ang unang kaso ng bagong coronavirus. *ABS-CBN News*, 30 Ene. 2020. [news.abs-cbn.com/news/01/30/20/ph-naitala-ang-unang-kaso-ng-bagong-coronavirus](https://news.abs-cbn.com/news/01/30/20/ph-naitala-ang-unang-kaso-ng-bagong-coronavirus). In-access noong 13 Set. 2020.
- Cayabyab, Jayvee Discipulo. *Panayam sa Facebook*. Isinagawa ni Mark Angeles, 21 Nob. 2020.
- Certeau, Michel de. *The Practice of Everyday Life*, salin ni Steven F. Rendal. University of California Press, 2011.
- Crawford, John. *A Grammar and Dictionary of the Malay Language: With a Preliminary Dissertation, Part 40, Volume 2*, Smith, Elder & Company, 1852.
- Dava, Bianca. “Bintana ginawang barrier: Mga nag-aangkas sa motor sari-sariling sikap para di masita.” *ABS-CBN News*, 11 Hul. 2020. [news.abs-cbn.com/news/07/11/20/bintana-ginawang-barrier-mga-naga-angkas-sa-motor-sari-sariling-sikap-para-di-masita](https://news.abs-cbn.com/news/07/11/20/bintana-ginawang-barrier-mga-naga-angkas-sa-motor-sari-sariling-sikap-para-di-masita). In-access noong 13 Set. 2020.
- David, Arthur. “#SALANG SARANGGOLA NI LOLA.” *Facebook*, 11 May. 2020. [www.facebook.com/groups/234790047961175/permalink/237156474391199](https://www.facebook.com/groups/234790047961175/permalink/237156474391199). In-access noong 13 Set. 2020.
- De Bleeckere, Sylvain at Sebastiaan Gerards. *Narrative Architecture: A Designer’s Story*. Taylor & Francis, 2017.
- del Valle, Bartolome at Melania Jimenez Valle. *Talatinigang Pilipino-Pilipino*. National Book Store at Cacho Hermanos, Inc., 1969.
- De Quiros, Conrado. “Kite in the Rain.” There’s the Rub. *Philippine Daily Inquirer*, 4 Set. 2002.
- Diego, Rafael de. *The Tagalog-Spanish grammar of Fr. Rafael de Diego, O.P.* Historical Conservation Society, Embajada de España, at University of Santo Tomás, 1978.
- Elequin, Eleanor T. “An Appreciation of the Filipino Philosophical Outlook through Filipino Popular Lyrics.” *Philippine World-view*, in-edit ni Virgilio G. Enriquez, Institute of Southeast Asian Studies, Institute of Southeast Asian, 1986.
- Enriquez, Virgilio G. “Ang Pagsasakatutubo ng Teolohiyang Pilipino.” *Malay*, tomo 5, blg. 1, 1986, p. 58.
- Fadul, Jose A. *Kites in History, in Teaching and in Therapy*. Lulu Press, Inc., 2009.
- Gobang. “Parang saranggola na hahaha.” *Facebook*, 26 Hul. 2020. [www.facebook.com/Gobang22/posts/2359019434404715](https://www.facebook.com/Gobang22/posts/2359019434404715). In-access noong 13 Set. 2020.
- Georgalou, Mariza. *Discourse and Identity on Facebook*. Bloomsbury Academic, 2017.
- Granada, Gary. “Saranggola sa Ulan.” *Saranggola sa Ulan*, Backdoor Records, 2002.
- Guevarra, M Cristina. “Saranggola.” *Facebook*, 4 May. 2020. [www.facebook.com/gibagibagibs/posts/10158218691234383](https://www.facebook.com/gibagibagibs/posts/10158218691234383). In-access noong 21 Nob. 2020.
- Hugot Patama Quotes. “^Ako parang saranggola lng.” *Facebook*, 29 Set. 2020. [www.facebook.com/HugotPatamaQuotesOfficial/posts/2846695788892460](https://www.facebook.com/HugotPatamaQuotesOfficial/posts/2846695788892460). In-access noong 21 Nob. 2020.

- Jalandoni, Apples at Isay Reyes. "Pinakauna sa labas ng China: Novel coronavirus patient sa Pinas patay." *ABS-CBN News*, 2 Feb. 2020, news.abs-cbn.com/news/02/02/20/pinakauna-sa-labas-ng-china-novel-coronavirus-patient-sa-pinas-patay. In-access noong 13 Set. 2020.
- Jhong Dc. *Panayam sa Facebook*. Isinagawa ni Mark Angeles, 21 Nob. 2020.
- Joaquin, Nick. *Rizal in Saga: A Life for Student Fans*. Philippine National Centennial Commission, 1996.
- Kasingkasing Press. *Kasingkasing Nonrequired Reading in the time of COVID-19: Alternative Digital Poetry Magazine*, isyu blg. 4, Abr. 2020, pp. 18-19. drive.google.com/file/d/1GmgXUBq4Bb0ArCQkfPd2PgI1j66HMRsK. In-access noong 13 Set. 2020.
- katagamnl. "Quaranzine by Kataga (Manila)." *issuu*, 15 May. 2020. issuu.com/katagamnl/docs/quaranzine. In-access noong 13 Set. 2020.
- Lobos, Marvin. "Saranggola." *Facebook*, 4 Abr. 2020. www.facebook.com/groups/511039082916087/permalink/519334612086534/. In-access noong 21 Nob. 2020.
- Lyons, John. *Linguistic Semantics: An Introduction*. Cambridge University Press, 1995.
- Maranan Edgar B. at Nicole Revel-Macdonald, mga tagasalin. *Kudaman: Isang Epikong Palawan na Inawit ni Usuy*. Ateneo de Manila University Press, 1991.
- Matalinghagang mga Pananalita: with English Equivalent*s. Surian Ng Wikang Pambansa, 1982.
- Matimtim, James. "Help Us: Relief." *Facebook*, 2 Abr. 2020. www.facebook.com/jamesbonetematimtimpage/posts/144839083740997. In-access noong 13 Set. 2020.
- Meralco. "PAUNAWA SA MGA BROWNOUTS." *Facebook*, 8 May. 2020, www.facebook.com/meralco/posts/3436625683017645. In-access noong 13 Set. 2020.
- Merueñas, Mark. "Will suffering end? Road to justice narrows for kin of slain journalists." *GMA News Online*, 1 May. 2009, www.gmanetwork.com/news/news/nation/159494/will-suffering-end-road-to-justice-narrows-for-kin-of-slain-journalists/story/. In-access noong 13 Set. 2020.
- Navarro, Jhio Jan. "#SALANG April's Breath." *Facebook*, 13 May. 2020, www.facebook.com/groups/234790047961175/permalink/238688247571355. In-access noong 13 Set. 2020.
- . "#Salang Why Kites Fall." *Facebook*, 20 May. 2020, www.facebook.com/groups/234790047961175/permalink/243470530426460. In-access noong 13 Set. 2020.
- Noceda, Juan de at Pedro de Sanlucar. *Vocabulario de la Lengua Tagala, trabajado por varios sugetos doctos y graves, y ultimamente añadido, corregido y coordinado*. Maynila. Imprenta de la Compañía de Jesus, por D. Nicolas de la Cruz Bagay, 1754.
- . *Vocabulario de la Lengua Tagala, trabajado por varios sugetos doctos y graves, y ultimamente añadido, corregido y coordinado*. Valladolid: Imprenta de Higinio Roldan, 1832.
- Opiz, Cheryl. "Dapat para kang Saranggola." *Facebook*, 23 Okt. 2020. www.facebook.com/cheopiz/posts/3469360563132087. In-access noong 21 Nob. 2020.
- Orosa, Sixto Y. *José Rizal: Man and Hero*. Vibal Printing Company, 1963.
- Pangilinan, Aries. *Panayam sa Facebook*. Isinagawa ni Mark Angeles, 22 Nob. 2020.
- Ramos, Harvey. "ISANG PAALALA LANG PO PARA SA LAHAT." *Facebook*, 18 Abr. 2020, www.facebook.com/harvieramos/videos/1535724399943424/. In-access noong 13 Set. 2020.
- Rico, Paulo D. "Isang tula na ibinahagi sa akin." *Facebook*, 9 Set. 2020. www.facebook.com/shanks.d.paul/posts/624121804967647. In-access noong 21 Nob. 2020.

- Riders POV Point-of-View. "Barrier ba to o Saranggola?" *Facebook*, 24 Hul. 2020. [www.facebook.com/RidersPOV/posts/281469543304058](https://www.facebook.com/RidersPOV/posts/281469543304058). In-access noong 13 Set. 2020.
- Sabillo, Kristine at Raphael Bosano. "ALAMIN: Kahulugan ng pagdeklara ng WHO sa COVID-19 bilang 'pandemic.'" *ABS-CBN News*, 12 Mar. 2020. [news.abs-cbn.com/news/03/12/20/alaman-kahulugan-ng-pagdeklara-ng-who-sa-covid-19-bilang-pandemic](https://news.abs-cbn.com/news/03/12/20/alaman-kahulugan-ng-pagdeklara-ng-who-sa-covid-19-bilang-pandemic). In-access noong 13 Set. 2020.
- Sangguniang Barangay IV Poblacion. "Paalala po sa mga nagsasaranggola." *Facebook*, 1 May. 2020. [www.facebook.com/barangay.poblacioniv.7/posts/246239380080477](https://www.facebook.com/barangay.poblacioniv.7/posts/246239380080477). In-access noong 13 Set. 2020.
- Santos, Domingo de los. *Vocabulario de la lengua Tagala primera y segunda parte: En la primera se pone primero el Castellano y despues el Tagalo y en la segunda al contrario, que son las rayzes simples con sus accentos*. Balthasar Mariano at Donado Franciscano, 1794.
- Tolentino NIña. "Ako ay parang saranggola." *Facebook*, 18 Nob. 2020. [www.facebook.com/groups/251521019514063/permalink/380169799982517/](https://www.facebook.com/groups/251521019514063/permalink/380169799982517/). In-access noong 21 Nob. 2020.
- Tolentino, Rolando B. at Luna Sicat, mga patnugot. *Relasyon: Mga Kuwento ng Paglusong at Pag-ahon*. Ateneo de Manila University Press, 1999.
- Torres-Yu, Rosario, Lydia Fer Gonzales at Ligaya Tiamson-Rubin. *Talinghagang Bukambibig: Binagong Edisyon 1999*. Anvil Publishing, Inc, 1999, p. xxxviii.
- Tuguegarao Patrol. "Isang saranggola ang namataan." *Facebook*, 2 Abr. 2020. [www.facebook.com/permalink.php?story\\_fbid=2900096086775415&id=880475268737517](https://www.facebook.com/permalink.php?story_fbid=2900096086775415&id=880475268737517). In-access noong 13 Set. 2020.
- Vergara, Ana Marie at Joel Mallari. "Flights of Fancy: Whimsical Kites, Fish Lanterns and other Folk Creations of Apung Eloy of Brgy. Cutcut, Angeles City." *Singsing*, tomo 5, blg. 1, 2006. The Juan D. Nepomuceno Center for Kapampangan Studies, Holy Angel University, p. 74.
- YouScoop. "LOOK: #HealOurLand na saranggola Kite." *Twitter*, 8 Abr. 2020. [twitter.com/YouScoop/status/1247786453716725761](https://twitter.com/YouScoop/status/1247786453716725761). In-access noong 13 Set. 2020.

## TUNGKOL SA AWTOR

Si **MARK ANTHONY S. ANGELES** ay kasalukuyang instruktur sa Departamento ng Filipino, Kagawaran ng Edukasyon ng Unibersidad ng Santo Tomas. Kolumnista siya ng *Pinoy Weekly*, literary editor ng *bulatlat.com*, at features contributor ng *GMA News Online*. Inilimbag ngayong 2021 ng UP Press ang kaniyang *Ang Huling Emotero*, isang koleksiyon ng mga dagli, at ng Chikiting Books ang kaniyang mga aklat pambatang *Kamot nang Kamot nang Kamot* at *Mga Tsinelas ni Yasher*.